

S: Oo, ang mga *sample* o *dummy* ng mga produktong ipinagbibili nang tingian kapag idinidisplay sa mga tindahan ay dapat ding magsaad ng mga presyo ng produktong kinakatawan nila.

11. T: **KAILANGAN BA ANG MGA PRICE TAG SA MGA KAHOY?**

S: Oo, para sa mga kahoy na nakadisplay o ipinagbibili sa publiko, iyon ay dapat lagyan ng tag o etiketa na nakasaad doon ang presyo at ang kaukulang opisyal na pangalan ng kahoy.

12. T: **ANO ANG PARUSA SA PAGLABAG SA PROBISYONG ITO?**

- S:
- Sa unang paglabag, ang nagkasala ay magbabayad ng multang hindi bababa sa dalawang daang piso (Php200.00) subalit hindi hihigit sa limang libong piso (Php5,000.00) o pagkabilanggong hindi kukulangin ng isang (1) buwan subalit hindi lalabis sa anim (6) na buwan o pareho, ayon sa kapasyahan ng hukuman.
 - Ang pangalawang paglabag ay papatawan ng parusang pagbawi ng permit at lisensya sa negosyo.

ANG MATALINO AT MAINGAT NA MAMIMILI AY LIGTAS NA MAMIMILI!

Para sa karagdagang impormasyon
makipag-ugnayan sa



Department of Trade and Industry
Cavite Provincial Office
2F Govt. Center Bldg., Capitol Compound,
Trece Martires City, Cavite
r04a.cavite@dti.gov.ph
(046) 419 1028

TANONG AT SAGOT



TUNGKOL SA PRICE TAG

PRICE TAG

1. T: **ANO ANG BATAS SA PRICE TAG SA ILALIM NG CONSUMER ACT OF THE PHILIPPINES O R.A. 7394?**

S: Gaya ng nakasaad sa R.A. 7394, itinatakda ng Batas sa *Price Tag* na ang lahat ng mga panindang ipinagbibili nang tingian sa publiko ay dapat maglagay ng kaukulang *price tag*, etiketa o marka na nagsasaad ng presyo ng paninda. Ang nasabing mga produktong paninda ay hindi dapat ipagbili sa presyong mas mataas kaysa nakasaad doon.

2. T: **BAKIT KAILANGAN ANG PRICE TAG?**

S:

- Upang mabigyan ang mga mamimili ng sapat na impormasyon at patnubay upang mapaghambing nila ang kalidad at presyo ng mga paninda at tangkilikin ang mga tindahang nagbibibili ng mahusay na produkto sa mababang presyo.
- Mabawasan ang pakikipagtawaran na isang pag-aaksaya ng oras, pera at pagod ng mamimili at nagtitinda.
- Pinabibilis din nito ang mga transaksyon at nagtutulungan ang mga mamimili at nagtitinda na gamitin ang oras at pagod sa higit na mabungang gawain.

3. T: **ANO ANG PRICE TAG?**

S: Ang *Price Tag* ay isang bagay na nakakabit sa isang paninda na nagsasaad ng presyo ng pagbibili niyon.

4. T: **ANU-ANO ANG MGA KATANGIAN NG PRICE TAG?**

S: Ang *Price Tag* ay dapat na:

- Nakasulat ng malinaw.
- Nagsasaad ng presyo ng bawat yunit ng paninda (piraso, pakete, pares, dosena, set, kilo, metro, litro, atbp.) sa piso at sentimo, salapi ng Pilipinas, maliban kung ipinahihintulot ng batas o regulasyon na ang mga produktong paninda ay ipagbili sa salaping dayuhan tulad sa mga *duty free shops*.

5. T: **ANO ANG MINIMUM NA SUKAT NG ISANG SHELF TAG?**

S: Sa isang *Shelf Tag*, ang presyo ay dapat nakasulat nang hindi liliit pa sa 8mm ang taas, habang ang ibang impormasyon ng *labeling* ay nakasulat nang hindi liliit pa sa 4mm ang taas.

6. T: **KAILAN IPINAHIHINTULOT ANG MGA BURA O PAGBABAGO SA PRICE TAG AT SHELF TAG?**

S: Ang mga bura o pagbabago na ibinababa ang presyo ay ipinahihintulot lamang sa mga *sales promotion*.

7. T: **SAKLAW BA NG BATAS ANG MGA KALAKAL NA IPINAGBIBILI NG PAKYAWAN?**

S: Hindi, mga panindang tingian lamang ang saklaw ng batas.

8. T: **PINAHIHINTULUTAN BA ANG PAGGAMIT NG MGA CODE SA PRICE TAG?**

S: Karaniwan, ang mga presyo ng paninda at serbisyo ay hindi isinusulat sa code, Gayunpaman, kung ito ay ginagamit bukod sa *price tag*, etiketa, marka o listahan ng presyo, ito ay ipinahihintulutan.

9. T: **KAILAN IPINAHIHINTULOT ANG LISTAHAN NG PRESYO?**

S:

- Kapag ang produktong paninda ay napakaliit o hindi praktikal na iyon ay kabitang *price tag*.
- Tungkol sa mga serbisyong pangmimili

10. T: **KAILANGAN BA ANG PRICE TAG SA MGA SAMPLE O DUMMY NA NAKADISPLAY?**